



Iniimbitahan ang mga residente na dumalo sa birtwal na Sesyon sa Pampublikong Impormasyon sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan

BRAMPTON, ON (Marso 8, 2021) – Ginagawa ng Lungsod ng Brampton ang kasunod na mga hakbang tungo sa paggawang realidad sa Riverwalk. Iniimbitahan ang mga residente na sumali sa ikalawang Sesyon ng Pampublikong Impormasyon sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan sa Miyerkules, Marso 17, 2021 mula 6:30 hanggang 8 pm. Ang mga residente ay magkakaroon ng pagkakataon na mas matuto pa tungkol sa pampagbabagong proyektong Riverwalk at ibahagi ang kanilang feedback sa mga direksyon at konsepto ng disenyo.

Ang Sesyon ng Pampublikong Impormasyon ay magaganap online, na may link para sumaling mag-live sa araw ng pagpupulong [dito](#). Ang background na impormasyon tungkol sa proyekto ay makukuha rito www.brampton.ca/riverwalk

Ang proyektong Riverwalk ay makakatulong sa pagpapasigla ng downtown ng Brampton at gawin itong sustainable, nakakalusog at madaling nakakabangon. Ang layunin ng Riverwalk ay upang idisenyo ang inobatibo, pangmatagalang solusyon para matanggal ang panganib sa baha sa downtown Brampton, na lilikha din ng pag-unlad at pagdebelop ng urban, hinihikayat ang pamumuhunan at pinapahaba at mas pinapaganda ang espasyo ng publiko sa lugar.

Maiikling Impormasyon

- Ang Riverwalk Area Urban Design Master Plan ay isang master plan sa bukas na espasyo na bubuo ng mga konsepto para sa pampagandang pagsasaayos sa imprastruktura sa baha, sa sistema ng bukas na espasyo sa kahabaan ng lambak, integrasyon ng network ng aktibong transportasyon, pagiging sustainable ng kapaligiran at ekonomiya, mga isyu ng public health at mga programa, at pagpapatupad sa pangkalahatang bisyon para sa Riverwalk.
- Titiyakin ng Riverwalk na ang downtown Brampton ay isang kasiya-siyang espasyo para sa lahat na maninirahan at bibisita doon.
- Hindi lamang mapababaan ng proyektong Riverwalk ang panganib ng pagbaha sa downtown Brampton, ngunit gaganap din ito ng mahalagang parte sa pagtupad sa prayoridad ng Lungsod na pagiging Lungsod ng mga Oportunidad sa pamamagitan ng paglikha sa pag-unlad at pagdebelop sa urban at paghikayat sa pamumuhunan sa lugar.
- Ini-imagine ng Riverwalk ang isang remade na Etobicoke Creek sa lugar, na pinapaligiran ng mga espasyo ng publiko at mga parke na konektado sa Etobicoke Creek valley corridor at isang trail system.
- Inaasahan na ma-unlock ang 3.6 milyong kwadrang piye ng residensyal, komersyal at retail na espasyo sa downtown, na lilikha ng higit sa 23,000 trabaho at \$1.4 bilyong epekto sa GDP.
- Noong Nobyembre 2020, inanunsyo ng Pamahalaan ng Canada na ang Lungsod ng Brampton ay tatanggap ng \$38.8M sa ilalim ng Pondo sa Pagpapababa sa Sakuna at Pagpapaangkop (Disaster Mitigation and Adaptation Fund) tungo sa implementasyon ng trabaho sa proteksyon sa baha na iniutos ng EA. Dagdag pa, inaprubahan ng Konseho ang \$5.88M sa buong 2021 Kapital na Badyet para sa detalyadong disenyo ng trabaho sa proteksyon sa baha.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca